

Naipasa ang Bill 71: Pahayag mula kay Ministro Copping

Abril 21, 2021

Jason Copping, ang Ministro ng Paggawa at Imigrasyon, ay naglabas ng sumusunod na pahayag sa pagpasa ng Bill 71: Pamantayan ng Pagtrabaho (COVID Vaccination Leave) Amendment Act, 2021:

"Habang nagpapatuloy ang programa ng bakuna sa ating lalawigan sa pagbabakuna ng maraming mga Albertans, patuloy kaming kumikilos upang maprotektahan ang buhay at kabuhayan.

"Ang gobyerno ng Alberta ay nagpasa ng batas na nagbabago sa Code ng Pamantayan sa Pagtrabaho upang matiyak na ang mga nagtatrabaho na Albertans ay magamit ang bayad, protektadong bakasyon sa trabaho upang makuha ang bawat bakuna sa COVID-19.

"Sa pagpasa ng batas na ito, binabawasan natin ang mga hadlang para sa mga manggagawa sa Alberta na mabakunahan. Nangangahulugan ito na walang Albertan ang kailangang pumili sa pagitan ng pagbabakuna at ang paglalagay ng pagkain sa mesa.

"Magkakabisa simula ngayong Abril 21, ang bawat nagtatrabaho na Albertan ay maaaring makakuha ng hanggang tatlong oras na bayad, protektadong bakasyon para sa bawat dosis ng bakuna sa COVID-19. Lahat ng mga empleyado ay karapat-dapat anuman ang katayuan ng trabaho o haba ng pag-eempleyo.

"Hinihimok namin ang lahat ng mga empleyado at employer na magtulungan sa pag-iiskedyul ng COVID-19 vaccination leave.

"Ito ang tamang bagay na dapat gawin at magpapatuloy kaming gumawa ng matapang na pagkilos upang protektahan ang mga buhay at kabuhayan ng mga Albertans habang tinitiyak ang paggaling ng ekonomiya."

Kaugnay na impormasyon

- [Pagbibigay ng bayad sa COVID-19 vaccination leave](#)
- [Bill 71: Pamantayan ng Pagtrabaho \(COVID-19 Vaccination Leave\) Amendment Act, 2021](#)
- [COVID-19 impormasyon sa bakuna](#)

Mga katanungan sa media

[Joseph Dow](#)

780-983-8714

Kalihim ng Press, Paggawa at Imigrasyon